68405

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION XI
SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY

OFFICE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT

**Pansangay na Pagpapayo Blg. 10 s. 2021**
Marso 3, 2021

**PAANYAYA SA PATIMPALAK SA PAGSULAT NG TULA O TINAWAG NA TALAANG GINTO MAKATA NG TAON 2021**

**Para sa mga:** Tagamasid Pampurok
Punong-guro ng mga Pampubliko at Pribado sa Elementarya at Sekondarya

1. Alinsunod sa Panrehiyong Pagpapayo, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magsasagawa ng patimpalak sa pagsulat ng tula o tinawag na Talaang Ginto: Makata ng Taon 2021. Ito ay kaugnay sa pagdiriwang ng Araw ni Balagtas tuwing ika-2 ng Abril, taon-taon.

2. Nilalayon ng KWF na itaguyod, pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga batikan at baguhang talino. Bukas ang patimpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak. Ang mga detalye sa nasabing gawain ay makikita sa kalakip ang Panrehiyong Pagpapayo.

3. Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

**CRISTY C. EPE**
Tagapamanihalang Pansangay

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
68405
DATE: 03/08/2021 TIME: 10:20 a.m.
BY: ALELI M. CHIONG, RN, MBA

Republic of the Philippines
**Department of Education**
DAVAO REGION
Office of the Regional Director

PANREHIYONG PAGPAPAYO BLG ___
Pebrero 26, 2021

Ang Pagpapayong ito ay para sa kaalaman ng mga kinauukulang Tagapamanihala ng mga paaralang pansangay, lahat ng Dibisyon

## TALAANG GINTO: PATIMPALAK SA PAGSULAT NG TULA

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magsasagawa ng patimpalak sa pagsulat ng tula o tinawag na Talaang Ginto:Makata ng Taon 2021. Kaugnay ng pagdiriwang ng Araw ni Balagtas tuwing ika-2 ng Abril, taon-taon.

Nilalayon ng KWF na itaguyod, pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga batikan at baguhang talino. Bukas ang patimpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak. Kalakip nito ang kabuoang tuntunin sa naturang patimpalak.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at kawani sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa "no disruption of classes policy na nakasaad sa DepEd Order no.9, s. 2005 na may pamagat na: "Instituting Measures to Increase Engaged Time on Task and Ensuring Compliance Therewith".


Para sa ibang detalye o impormasyon, magtext o tumawag sa numerong 0928-844-1349, o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap sa pagpapayong ito.

**ALLAN G. FARNAZO**
Director IV

DEPARTMENT OF EDUCATION RO XI
RECORDS SECTION
RELEASED
By:
Date: 03 0221 Time: 10:38

ROC4/ mjmm


KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
•1991•
Bukás na sa mga lahok!
TALAANG GINTO:
Makata ng Taon
16 MARSO 2021
Huling araw ng pagsusumite

**Talaang Ginto: Makata ng Taon 2021, bukás na sa mga lahok**

Ang TALAANG GINTO: MAKATA NG TAON ay timpalak sa pagsulat ng tula na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino kaugnay ng pagdiriwang ng Araw ni Balagtas tuwing Ika-2 ng Abril taon-taon.

Nilalayon ng timpalak na lalo pang pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga batikan at baguhang talino.

1. Ang Talaang Ginto: Makata ng Taón ay isang patimpalak sa pagsulat ng tulâ na itinaguyod ng KWF na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilála sa mga batikan at baguhang talino at tinig sa sining ng tulâ.

2. Bukás ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.

3. Ang entring ipapása ay maaaring isang mahabàng tulâ na may isang daan (100) o higit pang taludtod, o isang koleksiyon ng sampu (10) o higit pang maikling tulâ. Kinakailangang may pamagat ang ipapásang koleksiyon. Malayà ang paksa ngunit kailangang tumatalakay sa isang mahalagang paksaing panlipunan sa kasalukuyan. Maaari ding ialinsunod ang kalipunan ng mga tulâ sa tema ng pagdiriwang ngayong taón ng Buwan ng Panitikan na, "Limandaang Taón ng Pagsulat sa Kalibutang Filipino" (500 Years of Writing the Filipino World). Ang ipapásang mahabàng tulâ o maiikling tulâ ay malayà (walâng tugma at súkat).

4. Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin ng nalathala nang tulâ, at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon. Ang sinumang mahúli at mapatunayang nagkasála ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na mulîng makasasáli pa sa alinmang timpalak ng KWF.

5. Pára sa onlayn na paglahok, ihanda ang sumusunod:

- Kopya ng kompiyuterisadong lahok (.doc format). Gagamitin ang font na Arial 12 pt, single spaced sa A4 size (bond paper) na may palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibabâ, at gilid. Kung makinilyado ang lahok, i-scan at isumite na naka-pdf format.
- Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) at walâng kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
- Kasáma ng lahok, isumite ang sumusunod na naka-pdf format: (1) notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok (2) entri form http://kwf.gov.ph/.../entri-form-talaang-ginto-2021.pdf; (3) curriculum vitae at/o bionote ng makata; at (4) 2x2 retrato ng kalahok (.jpeg format)
- Sagután ang pormularyo sa link na ito: https://forms.gle/AYRJd5gYZo2EWR3D7

6. Pára sa pagsusumite ng lahok sa pamamagitan ng koreo, ipapadalá ang sumusunod:

- apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisadong lahok. Gagamitin ang font na Arial 12 pt, single spaced sa A4 size (bond paper) na may palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibabâ, at gilid.

• Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) at walâng kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
• notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok
• entri form http://kwf.gov.ph/.../entri-form-talaang-ginto-2021.pdf
• curriculum vitae at/o bionote ng makata
• 2x2 retrato ng kalahok
• ipadalá ang lahok sa koreo sa:

Lupon sa Talaang Ginto 2021
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

7. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 15 MARSO 2021, 5nh. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.

8. Pára lahok na ipinadalá sa koreo, magpapadalá ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok. Kalakip din nitó ang gagamiting entri code at link ng online form pára sa registry ng mga kalahok. Bukás ang online registration form hanggang 16 MARSO 2021, 5nh.

9. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Unang gantimpala, PHP30,000 + titulong "Makata ng Taón 2021", tropeo at medalya;
Ikalawang gantimpala, PHP20,000.00 at plake;
Ikatlong gantimpala, PHP15,000.00 at plake

10. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

11. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na mulîng makasasáli pa sa alinmang timpalak ng KWF.

12. Pára sa karagdagang detalye, magt-text o tumawag sa 0928-844-1349, o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

**Sumali na sa Tula Táyo 2021**

Ang Tula Táyo ay isang online na timpalak sa pagsulat ng katutubong tula na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa Buwan ng Panitikan ng Filipinas. Para sa edisyong 2021, bukás ang timpalak sa mga dalít, diyona, at tanaga na nakasulat sa wikang Filipino pumapaksa sa kasalukuyang danas sa pandemya at tema ng Buwan ng Panitikan 2021.

Mga Tuntunin

1. Ipapaskil ang mga tula—diyona, dalít, o tanaga—sa seksiyon ng mga komento sa nakatalagang poster para sa bawat anyo ng tula. Susundin ang sumusunod na iskedyul para sa pagpapaskil:

1–5 Marso 2021 Dalít
8–14 Marso 2021 Diyona
15–21 Marso 2021 Tanaga

2. Magiging opisyal ang mga lahok kapag ipinaskil ito sa seksiyon ng komento ng partikular na poster para sa anyo na matatagpuan sa page ng Komisyon sa Wikang Filipino.

3. Tatanggap ng mga orihinal na tula na nakasulat sa wikang Filipino. Maaaring gawing tema ang kasalukuyang danas sa pandemya at ang tema ng Buwan ng Panitikan ng Filipinas na "Limandaang Taon ng Pagsulat sa Kalibutang Filipino."

4. Kikilalanin ang mga nagsipagwagi sa Araw ni Balagtas sa 2 Abril 2021. May nakalaang limandaang piso (PHP500.00) sa sampung magwawagi para sa bawat anyo.

5. Pinal at hindi na mababago ang magiging pasiya ng mga hurado sa timpalak.

https://www.facebook.com/komfilgov/photos/a.926809631048246/1215381715524368